**Ang Platte River, Nebraska, 1863**

"Hooo, hooo!" Hinaltak ni Maria ang mga tali, at bumagal ang lakad ng mga baka. "Ayos lang ba kayong lahat?" Tiningnan niya ang tatlong bunso niyang kapatid, na nakasakay sa likod ng mga baka. Tumango sila.

Nasa harap nila ang Platte River, malawak at maputik. "Ano na?" tanong ng nakababata niyang kapatid na si Jackson. Siyam na taon lang siya, pero tinulungan niya si Mary na palakarin ang mga baka. Nakahiga si Itay sa likod ng bagon, na maysakit pa rin dahil sa kanyang atake.

"Hindi natin kailangang tawirin ang ilog," sabi ni Mary. "Pero puwede nating sundan ito." Walang daan patungong Sion, pero dapat nilang gaygayin ang ilog patungong kanluran. "Hiya!"

Hindi alam ni Mary na naglakbay ang mga Mormon pioneer sa kabilang panig ng Platte River at iba ang dinaanan. Dahil hindi nila tinawid ang ilog, napasok sila sa Teritoryo ng mga Indian. Wala silang makikitang iba pang grupo ng mga bagon sa kanilang paglalakbay.

Patuloy silang naglakbay. Makalipas ang ilang linggo, may nakita si Mary na papalapit na makapal na alikabok. "Hooo," bulong niya sa mga baka at sa sarili. "Hooo."

Napawi ang alikabok at nakita niya ang isang maliit na grupo ng mga Indian na nakakabayo. Lumapit ang isa sa mga ito sa likod ng bagon, kung saan nakahiga si Itay.

Mukhang mabait ang Indian. "Maysakit siya?" tanong nito, habang nakaturo kay Itay.

"Opo," bulong ni Mary. May isinigaw ang lalaki sa sarili nitong wika, at nag-alisan ang mga lalaki nang simbilis ng kanilang pagdating.

Tumingin si Mary sa araw na nasa kalangitan. "Hihinto tayo rito," sabi niya kay Jackson. Binuhat at ibinaba niya sina Sarah at ang kambal.

"Mary, tingnan mo!" sabi ni Jackson. Papunta sa kanila ang lalaking mukhang mabait, na may bitbit na mabigat.

"Pato," sabi nito. "At kuneho. Para sa inyo." Napatitig na lang si Mary, hindi makaimik, nang ibaba nito ang patay na mga hayop sa mga kamay niya. Isa pang tango, at humayo na ito sa direksyon ng palubog na araw.

"Pagkain!" sigaw ni Mary. "Karne!" Tunay na isang himala ang ipinagkaloob ng lalaki.

May iba pang mga himalang nangyari sa kanilang paglalakbay. Isang pulutong ng mga kalabaw ang lumapit sa kanila ngunit pagkatapos ay pinaikutan ang bagon sa magkabilang panig. Tinangay ng bagyo ng alikabok ang isa sa kambal papunta sa ilog, ngunit nailigtas siya ni Mary.

Subalit mahirap pa rin ang paglalakbay. Araw-araw ay mukhang mas sira ang bagon, at mukhang mas pagod ang mga baka. Matarik at mabato ang lupa. Mahirap bagtasin ang kabundukan. Ngunit patuloy na naglakbay si Mary at ang kanyang pamilya.

Pababa na sila mula sa isang mataas na bundok nang makita ni Mary ang isang lalaking papalapit sa kanila na sakay ng isang bagon.

"Siguro maituturo niya sa atin ang daan patungong Lehi, Utah!" sabi niya kay Jackson. May tiyo sila na nakatira doon.

"Nasa Echo Canyon kayo, di-kalayuan sa Salt Lake Valley," sabi ng lalaki nang tanungin niya ito kung nasaan na sila. "Pero nasaan ang mga kasama ninyo?"

Ikinuwento nila ang lahat, at namamanghang nakinig ang lalaki. "Nakapaglakbay kayo nang mahigit 1,000 milya (1,609 km) nang kayo lang?" Napailing ito nang may paghanga. "Matapang kang bata. Ituturo ko sa iyo ang daan papuntang Lehi. Malapit na kayo."

"Malapit na," bulong ni Mary sa sarili habang gumuguhit ang lalaki ng mapa sa lupa. Malapit na sa Sion. "Palagay ko makakarating na rin tayo sa wakas."

Nakarating si Mary at ang kanyang pamilya sa Lehi, Utah. Kalaunan ay ikinasal siya at nagkaroon ng sarili niyang malaking pamilya. Ang kanyang halimbawa ng pananampalataya at katapangan ay nagpala sa maraming tao. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Texas, USA.*

